

PRODUKTO O BY-PRODUCTS NG SOYBEAN



Soya Coffee



Soya Milk



Soya Polvoron



Soya Iced Candy



Soya Tofu



Soya Maruya



Soya Pastillas



Soya Powder

MARKETING

Ang pinakamahalagang bahagi sa produksyon ng isang produkto ay ang *marketing*. Mahalaga ang pagkakaroon ng epektibong pagpapalano na kailangan para sa kapaki-pakinabang na produksyon ng *soybean*.

Karaniwang ibinebenta ng mga magsasaka ang kanilang mga produkto sa bukid, *farmstead*, at iba pa. Samantala, ang natitira ay itinatago bilang mga materyales sa pagtatanim.



Regional Agriculture and Fisheries
Information Section
2024

Lipa Agricultural Research
and Experiment Station, Brgy. Marawoy,
Lipa City, Batangas

I-follow na ang **DA-Calabarzon!**



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



SOYBEAN

ANO ANG SOYBEAN?

Ang *soybean* o *glycine max*, o "utaw" sa Tagalog, ay isang *legume* ng *pea family* (*Fabaceae*) na nagbibigay ng protina sa gulay para sa milyun-milyong tao at mga sangkap para sa mga produktong kemikal.

Ayon sa *International Production Assessment Division* (IPAD) nasa 80% ang kabuuan ng *soybean production* ng Pilipinas, nangangahulugang humigit-kumulang 2,000-3,000 tonelada ng *soybean* ang ani sa bawat taon. Samantala, noong 2022 ay tinatayang nasa Php 6,644,513,000 ang halaga ng mga *soybean* ang naiangkat mula sa bansa, dahilan upang hirangin ang Pilipinas bilang 40th *importer* ng *soybeans* sa buong mundo.

Dahil sa mataas na demand nito, ang Department of Agriculture sa pamamagitan ng *Corn Program* ay bumuo ng programa para sa layong magkaroon ng sustenableng industriya ng utaw sa bansa na mapapakinabangan ng lahat ng magsasaka.



BENEFISYO O GAMIT NG SOYBEAN

- 1 Nagpapalakas sa seguridad ng pagkain at nutrisyon ng mga *smallholder farm household*.
- 2 Nagbibigay ng suporta para sa mga programa laban sa malnutrisyon.
- 3 Nakakatulong sa mga *micro-enterprises*.
- 4 Maaring gamitin bilang alternatibo a ilang pagkain.
- 5 Nakaka-ambag sa *organic livestock production*.

KAILAN ITATANIM, GAANO KARAMI, AT ANONG BARAYTI?

Oktubre, Nobyembre o Disyembre

- ✔ 50 kg – ang soybean ay maliliit
- ✔ Variety – Tiwala 8, CLSOY 1, BPI SY 4, NSIC SY 8
- ✔ Hill planting – 4 buto bawat butas
- ✔ Drilling – 20 buto bawat metro na tudling

Agosto, Setyembre o Enero

- ✔ 35 kg
- ✔ Variety – Tiwala 6, CLSOY 1, BPI SY 4, NSIC SY 8
- ✔ Hill planting – 3 buto bawat butas
- ✔ Drilling – 15 buto bawat metro na tudling

Mayo, Hunyo, o Hulyo

- ✔ 20 kg – ang soybean ay malalaki
- ✔ Variety – Tiwala 6 o 10, Manchuria
- ✔ Hill planting – 3 buto bawat butas
- ✔ Drilling – 15 buto bawat metro na tudling

GAMIT, BENEFISYO NG PAGGAMIT NG RHIZOBIUM INOCULANT

Ang *Rhizobium inoculant* ay isang sangkap na naglalaman ng bakteryang nagbibigay ng *nitrogen* sa halaman, Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpatong ng binhi gamit ang isang *peat-based powder inoculant*, o sa pamamagitan ng paggamot sa lupa na may isang butil o likidong *inoculant*.

- ✔ Mayroon itong *nitrogen starvation*.
- ✔ Ang *demand* para sa *nitrogen* ng lupa ay nababawasan.
- ✔ Nakabubuti sa butil at protina ng ani.

